# Pesteng Buhay 'To
## Mga Tulang Pambata Tungkol sa mga Peste

*Heidi Eusebio Abad*

Heidi Eusebio Abad teaches Creative Writing for Children and Young Adults at the DECL. In 2009, she won Second Place in the Don Carlos Palanca Memorial Awards for Literature, Poetry for Children category. She has published eight storybooks for children and will launch three books on poetry for children this year.

### 'Kainis 'tong Ipis

'Kainis 'tong ipis!
Habulin man ng walis,
Mabilis pa sa hagibis
Ng buhawing matulis.

Ang amoy ng ipis
Na kumapit sa malinis
Kong kumot na manipis,
Daig ang baho ng panis.

Humanda ka, ipis!
Tsinelas ko'y ihahagis,
Tutusukin ka ng lapis,
Lulunurin ka sa batis.

‘Di ko man ninanais
Na sumuko sa ipis,
Talagang siya’y wais
Nang biglang…LUMIPAD!

Aaaay! Ako na ang aalis!

**Laki sa Layaw ang Langaw**

Laki sa layaw ang langaw
Sa bundok ng basura.
Hitik sa bunga ng dumi at kalat
Ang mundo ng pinagtapunan.
Busog sa burak, lasing sa lusak,
Basa sa katas at pawis ng tambak.
Bilad sa baho at alingasaw
Ng naaagnas na paligid.
Sagana sa sira at bilasang sustansiya
Ang kaharian ng kabulukan.
Laki sa layaw ang langaw,
Hanggang sa dumating ang bangaw.

**Ang Sundot ng Surot**

Ang sundot ng surot
‘Di mabaon sa limot.
Tulad ng unang pag-suyo
Na may kirot sa puso.

**Hanep ang Hanip!**

Hanep ang hanip!
Mataas ang hangarin,

Matayog ang layunin:
Dinaan sa luksong-tinik.

**Ang Suntok ng Lamok**

Di dapat minamaliit ang suntok ng lamok!
Pinung-pino ang kurot, di pansinin ang tusok.

Kung ang suwerte mo'y malas at ang ginhawa'y pumutok,
May ilang uri ng lamok na nakaka-tepok!

Nariyan ang lamok na ang dala ay malaria.
Ikaw ay giginawin mula ulo hanggang paa.

Ang lamok ng dengue ay sadyang madaya
Dahil ito'y nangangagat kahit na maaga.

Ang hamon ng lamok sa nakalalaki,
"Suntok ko'y maliit, ngunit sakit ang kapalit."

**Garapatang Hambog**

Ang garapatang ubod ng hambog,
Kumapit sa aso at ito'y hinamon:
"Kaya kong lumaki ng 'sing-laki mo!
Dudurugin ko ang iyong mga buto!"
'Di kumibo ang asong maamo.
Hinayaang sipsipin ang kanyang dugo.
Ang garapata'y lumobo ng husto
Hanggang sa lumaki, 'sing laki ng aso.
Nang ito'y bumitaw na at nagpakahulog,
Pumutok si garapata sa bigat ng kalabog.